

Si Teryong, Ang Duwendeng Tagapag-alaga ng Sanggol


Si Pasing lamang ang bumubuhay sa kanyang sanggol na si Ela mula nang mamatay ang kanyang asawa. Nakikisaka siya para sila mabuhay. Sa likod ng kanilang bahay, may nakatirang duwende na nagbabantay sa kanila araw-araw. Siya si Teryong, isang mabait at mapagmahal na duwende.

Sa tuwing pupunta si Pasing sa bukid, si Teryong ang nagbabantay kay Ela. Pinapatulog niya ito at kinakantahan.

“Ela, Ela, bunga ka ng pag-ibig at pag-asa. Ikukuha ko kayo ng sariwang isda na ulam ninyo ni ina.”

“Walang pagod si Pasing para sila mabuhay na mag-ina,” sabi ni Teryong kayat kinuha niya ang isang buslo at humuli ng sariwang isda sa ilog. Ibinigay ito kay Pasing na inulam ng mag-ina sa sumunod pang mga araw.

Naisip ni Pasing na isa ring ina ang dapat mag-alaga sa anak. Pinuntahan niya si Luding at nakiusap na doon na muna si Ela habang nagsasaka siya. Pumayag naman si Luding.





Idinuyan ni Luding si Ela at kinantahan ito.

“Ela, Ela, kahihyan ka. Ikaw ang batang mapanghi at walang halaga.” Umalingawngaw ang tinig ni Luding, at narinig naman ito ni Teryong.

“Ang sama naman ng aleng ito, hindi maganda ang sinasabi niya tungkol sa bata. Hintayin mo at parurusahan kita,” sabi ni Teryong. Sa galit ni Teryong, pumunta ito sa gubat para kumuha ng gagamiting pamparusa kay Luding.

Binigyan ni Teryong si Luding ng isang kahon na punong puno ng laman. Pero sinabi niya na buksan lang ang kahon pag siya’y nakaalis na. Nasiyahan naman ito sa handog ng duwende. Dahil sabik na makita agad ang laman ng sisidlan, binuksan ito ni Luding. Hindi niya sinunod ang duwende. Laking gulat ni Luding sa nakita niya. Mga ahas at uod ang nasa lalagyan na ang bilis lumaki. Sigaw siya nang sigaw habang hinahabol ng mga ahas.

Pauwi si Pasing galing sa bukid. Nagulat siya nang marinig ang sigaw ni Luding. Umiiyak ito.

“Bakit?” tanong ni Pasing. Umiiyak at nanginginig na lumuhod si Luding at humingi ng tawad kay Pasing.

“Patawarin mo ako Pasing pinagsalitaan ko ng masama ang iyong anak.”

Natuto si Luding sa nangyari sa kanya. Siya na ang nag-aalaga kay Ela kapag nasa bukid si Pasing. Tumutulong naman si Teryong sa pag-aalaga sa bata.



dumawat iti pammakawan ni Pasing.

“Pakawanennak, Pasing.
Pinagsasao-ak ti dakes ti anakmo.”

Nagnakem ni Luding iti napasamak
kenkuana. Isu itattan ti mangay-aywan
kenni Ela no adda idiyay taltalon ni Pasing.
Tumultulong met ni Teryong a mangaywan iti
ubing.

